
# 6 na Hakbang para sa Ligtas at Mabisang Paggamit ng Disinfectant

## Unang Hakbang: Tiyakin na naaprubahan ng EPA ang inyong produkto.

Hanapin ang EPA registration number sa produkto. Tapos, tingnan para matiyak na nasa listahan ng naaprubahang mga disinfectant ito ng EPA sa: *epa.gov/listn*





## Ika-2 Hakbang: Basahin ang mga direksyon

Sundin ang mga direksyon ng produkto. Tingnan ang "gamitin sa sites" at "mga uri ng surface" para matiyak kung saan ninyo magagamit ang produkto. Basahin ang "mga pahayag sa pag-iingat."

## Ika-3 Hakbang: Linisin muna ang surface

Tiyakin na punasan ang surface gamit ang sabon at tubig kung binanggit sa mga direksyon ang paunang paglilinis o kung kitang-kita na marumi ang surface.





## Ika-4 Hakbang: Sundin ang oras ng kontak

Makikita ninyo ang oras ng kontak sa mga direksyon. Dapat na manatiling basa ang surface sa buong katagalan ng paggamit ng produkto para matiyak na mabisa ang produkto.

## Ika-5 Hakbang: Magsuot ng guwantes at hugasan ang inyong mga kamay.

Kung gamit ang mga disposable gloves, ita-pon ang mga ito makalipas ng bawat pagli-linis. Para sa mga reusable gloves, maglaan ng isang pares ng guwantes para lang sa pagdi-disinfect laban sa COVID-19. Hugasan ang inyong mga kamay makalipas na gumait ng mga guwantes.





## Ika-6 Hakbang: Itago nang Nakakandado Ito

Mahigpit na isara ang mga takip nito at itabi sa lugar na di maaabot ng mga bata.

**coronavirus.gov**